

PROLOGUE

Walang-patid ang pagpatak ng luha ni Jamina habang nakatitig sa kaawa-awang anyo ng kapatid. Maputla ang kulay nito, higit ang mga labi. Paisa-isa rin ang mabagal nitong paghinga at ang mga matang madalas ay nanunukso noon, ngayon ay nakapikit at hindi niya tiyak kung kailan muling imumulat...o baka hindi na.

Paimpit siyang humagulhol habang mahigpit na hawak ang isang kamay nitong walang dextrose. Kung hindi niya ilalabas ang sakit sa pamamagitan ng luha ay baka sumabog siya anumang sandali.

Please hold on, Kuya Jake... usal niya sa isip habang hindi inaalís ang mga mata sa mukha nito. Kasunod ng pag-usal na iyon ang taimtim niyang panalangin para sa kaligtasan nito.

Noong isang linggo lamang ay masaya silang kumakain nang sabay habang nag-aasaran. Ayaw nitong paawat sa pagkukuwento ng kung anu-anong kalokohan. Mula sa mga babaeng pinagtataguan nito, hanggang sa maaarte at abusado nitong customers sa café. Lahat ng mga boses at gestures ay ginaya nito.

Tawa siya nang tawa. She knew her brother was a good impersonator. Kung hindi lamang pagnenegosyo ang inatupag nito mula nang mamatay ang kanilang lolo na siyang nagpalaki sa kanila dahil matagal na silang ulila sa mga magulang, baka nasa comedy bar ito ngayon at nakikipagsabayan sa magagaling na celebrity impersonators.

Napangiti siya sa alaala.

Masaya sila noong araw na iyon. Ngayon, parang isang kisap-mata lamang, heto siya at nakamasid sa walang malay-tao nitong katawan. Halos magpipitong araw nang comatose ang kapatid niya bunga ng malalang pinsalang inabot nito matapos sumalpok sa isang truck ang kotse nito. Linggo ng madaling-araw iyon, galing sa isang party sa Maynila ang kuya niya.

At hanggang ngayon, tila wala pa rin sa katinuan si Mina. Nasa tabi lamang siya nito, umiiyak. Hindi gumagana ang kanyang utak. Hindi niya malaman ang dapat niyang gawin. Buong buhay niya, nakasandal siya sa kanyang kuya—na ibinibigay lahat ng kailangan niya. At ngayon sa isang iglap, naiwan siyang mag-isa.

Beinte años na siya ngayon at ilang linggo na lamang ay graduation na niya sa kolehiyo. But still, she was clueless about her brother's undertakings.

Ang gusto nito, wala siyang ibang gagawin kundi mag-aral lamang. Lahat ay sinalo nito... at ngayong wala ito at nakaratay, paano na? Ano ang gagawin niya sa negosyo nito? Sa mga tauhan?

Nang natanggap niya ang tawag mula sa ospital ay daig pa niya ang binagsakan ng buong mundo. At sa gitna ng pagkatuliro, isang tao lamang ang naisip niyang tawagan—si Van, ang matalik na kaibigan ni Jake. Sa Europe na naninirahan ang lalaki. Umalis ito ng Pilipinas dalawang taon na halos ang lumipas.

Nanatiling tahimik lamang si Van habang naglalahad siya rito ng nangyari. At nang matapos siya, mabigat itong bumuntong hininga at sinabing huwag siyang mag-aalala dahil magiging maayos din ang lahat.

Kung sana magagawa niyang hindi mag-alala.

Kuya...

Hindi siya nagtangkang lumingon nang narinig niyang bumukas ang pinto ng silid na inookupa ni Jake sa ospital. Kung hindi ang doctor iyon, mga nurses na tumitingin sa kapatid.

“Mine?” Napatuwid siya ng upo at marahas na lumingon sa tumawag. Ang nakatayo sa pintuan ay walang iba kundi si Raze Evander Austin, naghahalo

ang lungkot at pag-aalala sa mga mata nitong nakatuon sa kanya.

“V-Van...” Naging masagana ang pagdaloy ng luha niya nang makita ang binata. Mabilis itong lumapit at hindi pa man siya nakakatayo nang maayos ay mahigpit na siyang niyakap.

“Shh... hush, Mine. Everything will be okay. Shh... narito na ako, hindi kita pababayaan....”

1

Sa pagitan ng naglalaglagang luha, natagpuan ni Jamina ang sariling naglalakbay sa nakaraan habang nakatitig sa nakaratay na kapatid.

It happened two years ago....

Upang maiwasan ang pagkabagot habang tumutulong sa pagbabalot ng ensaymada ay kung anu-ano na lamang ang inuusal ni Jamina habang nakangiting sinusulyapan ang kapatid na abala sa pagde-decorate ng cake sa kabilang mesa.

“Kuya believed working in a bakery is my destiny—”

“But to be a cute bratinella is what I believed!” sansala ng boses mula sa pintuan ng bakery area. Kaagad naningkit ang mga mata niya sa narinig. Lalo na nang tumawa ang Kuya Jake niya ganoon din ang panadero nilang kasalukuyang nagsasalang ng tinapay. Humalakhak lamang ang lalaking pumasok nang salubungin niya ito ng matalim na tingin.

Si Raze Evander Austin iyon—Van sa lahat, matalik na kaibigan ng kuya niya na wala na yatang alam gawin sa buhay kundi ang asarin siya. Kadalasan

ay pinipikon siya nito at titigil lamang kapag namamasa na ang mga mata niya sa pagkainis. Wala itong ipinagkaiba kay Jake, na negosyante na't lahat, ang alaskahin pa rin siya ang paboritong libangan. Palibhasa kasi magkasing-edad!

Eighteen years old lamang siya at anim na taon ang tanda ng dalawang lalaki sa kanya. Tulad ng kuya niyang minana ang tangkad ng lolo nila, matangkad at malaking tao rin si Van samantalang siya ay minana naman ang height ng kabilang side, ni hindi siya lumampas sa balikat ng mga ito.

Oh, how she hated the way he grinned. Tulad ng ginagawa nito ngayon na may kasama pang kindat. Hindi niya maintindihan kung bakit ngisi pa lamang nito ay sapat na upang mapikon siya.

“Ikaw—Oh, I hate you, Van-tot!” sigaw niya nang talikuran siya nito at tumuloy sa kinaroroonan ng mga bagong lutong tinapay.

“I know, Little Brat!” tumatawang tugon nito bago dumampot ng tinapay at derechong kumagat doon. “Lista mo na muna, “Tol,”” sabi pa nito sa kuya niyang ngumiti lamang.

Nasa kolehiyo pa lamang ang Kuya Jake niya ay kaibigan na nito si Van. Kapwa nag-aaral sa iisang

universidad ang dalawa at magkasama sa dorm. HRM ang kurso ng kuya niya at Fine Arts naman si Van. Maging sa mga raket ay magkasama rin ang magkaibigan. Ilang taon din na parehong naging mga modelo ng isang kilalang fashion designer ang mga ito.

At dahil walang pamilya sa Pilipinas si Van, madalas ay naroon ito sa bahay nila. At kapag nandoon ang lalaki, walang araw na hindi siya binubuska. Kapag napipikon na siya ay tatawa lamang ito, guguluhin ang buhok niya at aaluin siya sa pamamagitan ng yakap.

Dalawang taon na mula nang nakapagtapos ang mga ito sa kolehiyo, pero madalas pa ring nagpupunta sa kanila si Van. Ayon sa kuya niya, tinatapos na lamang daw nito ang kontrata sa modeling agency. Lilipad na raw ito patungong France sa susunod na mga araw.

“Bakit ikaw ang gumagawa niyan, Mine?” tanong nito nang bumalik sa kinaroroonan niya. ‘Mina’ ang nickname niya pero ‘Mine’ ang nakasanayang itawag sa kanya ni Van liban sa ‘Brat’ na tawag naman sa kanya ni Jake. Ini-spoil daw siya ng kaisa-isa niyang kapatid kaya naging bratinella siya, ayon sa binata. Totoong spoiled siya sa kuya niya, pero kung

endearment ang dating ng pagtawag sa kanya ni Jake ng ‘Brat’, si Van ay pang-aalaska naman.

Tinanong niya ito noon kung bakit hindi ‘Mina’ ang tawag sa kanya. Ngumisi lamang ito at mayabang na sumagot ng: “*Mine, maganda ang tunog, di ba? Very personal, parang walang maaaring umangkin sa iyo liban sa akin. Akin ka, Baby, mula ulo hanggang paa!*” Exaggerated ang pagngiwi niya dahil sa sagot nito. Malakas na tawa lamang ang ganti nito sa kanya.

“Kailangan ko ng allowance, eh. Absent si Rose kaya double pay ako.” Si Rose ang isa sa tatlo nilang tagabalot.

“May date ka?” pabulong nitong tanong, siniko pa siya.

Pinandilatan niya ito. “Marinig ka ni Kuya!”

“May date ka nga!” malakas na sabi nito, sinadyang iparinig sa kapatid niya. “Tol, nagde-date na ang bratinella!” tumatawa nitong sumbong. Hindi na nakapagpigil, hinampas niya ito sa braso. “Nananakit o, kasi totoo! Que bata-bata mo pa’y nagde-date na. Kung kami nga ni Jake ay walang girlfriends, ikaw—”

“Hoy, tumigil ka!” mabilis niyang sansala at hinampas ito ng plastic na hawak. “Kahit isang daan

pa ang nakapilang dates ko, wala kang pakialam!”

“Isang daan?” bulalas nito at sinadya pang lakihan ang mga mata. “Goodness! Kaya mo iyon?” At tumawa ito nang malakas. Dinampot niya ang tape dispenser sa tabi at hahampasin sana ito nang magsalita si Jake.

“Enough, Mina,” saway nito sa mababang tinig, naroon ang awtoridad. “Tama naman si Van. You’re too young for dates. Ang mabuti pa, i-check mo na lang ang mga bagong designs ng packaging sa office ko. Sina Lilia na ang tatapos niyan.” Tahimik niyang binitawan ang tape dispenser at katakut-takot na irap ang iniwan niya sa asungot na ngumisi lamang.

Nakabusangot siyang pumanhik sa opisina ng kapatid.

Alas ocho na ng gabi nang gambalain siya ng mahinang katok sa pinto. Kasalukuyan siyang nanonood ng pelikula habang nakasandal sa headboard ng kama. Iyon ang routine niya pagkatapos ng dinner habang nagpapaantok.

“Mine?” Si Van ang iniluwa ng pinto.

“What?” asar niyang tanong. Ngumiti ito.

“Hindi ka pa inaantok, ‘no? Milk?” Inirapan niya ito. “Hey, peace na!” turan nito bago isinarang muli ang pinto. May dala itong isang baso ng gatas. Ang kasambahay nila ang gumagawa niyon gabi-gabi, pero kapag nasa bahay nila ang lalaki, nagkukusa itong maghatid—isang bagay na gustong-gusto niya rito. Mapag-alala ito. “Ano’ng pinanonood mo?”

“Obvious ba? Eh, di movie!” pabalang niyang sagot.

Natawa ito, dinampot ang unan at pabiro siyang hinampas sa mukha na kaagad naman niyang sinalag.

“Ganyan ka! Hindi mo ako kakausapin nang matino? Ha?” Patuloy ito sa magandang paghampas sa kanya. Sa huli ay natawa na siya.

“Suko na, halimaw ka talaga!”

“Good. We could talk,” turan nito at pumormal. Kinuha nito ang isang huge pillow bago sumalampak sa sahig sa tabi ng kama at nanood din ng pinapanood niya.

Mayamaya ay bumukas ang pinto ng silid niya at sumungaw si Jake. Ngumiti ito nang makitang seryoso silang nakatitig sa screen ng telebisyon. “Sumunod ka na lang sa kuwarto, ‘Tol.”

“Okay,” hindi lumilingong sagot ni Van. Natural na ang ganitong mga eksena sa kanila. Lubos ang tiwala ng kuya niya rito kaya kahit inaabot ito ng ilang oras sa silid niya ay ayos lang. Samantalang kapag may bisita siyang manliligaw ay bantay-sarado siya nito—at katulong pa ang kaibigan. Kapwa nais kumilatis at sa huli, kani-kanyang comment ang mga ito na kadalasan ay negatibo. At dahil madali siyang maapektuhan ng mga iyon, sa susunod na pagdalaw ay basted na ang suitor niya.

Tiger twins nga ang taguri niya sa dalawang lalaki dahil daig pa ng mga ito ang tigre sa pagbabantay sa kanya sa nakalipas na mga taon. Mahigit dalawang taon na halos ang lumipas mula nang iwan sila ni Lolo Juancho, ang abuelo na nagpalaki sa kanilang magkapatid dahil bata pa lamang ay ulila na sila sa mga magulang.

Mabuti na lamang, nangyari iyon isang buwan matapos ang graduation ng kuya niya. Ang lupain na naiwan nito sa isang malayong probinsya ay ipinamana nito kay Jake. Ibinenta iyon ng kanyang kapatid para maitayo ang *J & J Bakery and Café*, na naging maganda ang takbo sa ilalim ng pamamahala nito.

At ngayon, si Jake na ang sumasagot sa lahat

ng pangangailangan nila. Nanatili itong matibay at matatag kahit silang dalawa na lamang ang magkasama.

“Mine...” Tapos na ang pelikula nang magsalita si Van.

“Shh!” saway niya. Gusto niya kasing pakinggan muna ang tumutugtog na soundtrack ng pelikula habang ipinapakita sa screen ang mga pangalan ng cast. “Ano?” baling niya rito matapos niyang patayin ang telebisyon at player. Nahiga na siya, kinumutan ang sarili bago tumagilid at hinarap ito.

“Gusto mo bang sumama sa akin this weekend?”

“Saan?”

“Sa *La Vinta Island*,” tugon nito.

“Island?” ulit niya at napatitig dito. “Bakit? Ano naman ang gagawin ko r'on? Kung mang-aasar ka lang, huwag na.”

“No, promise.” Napangiting napakamot ito sa ulo. “Mamamasyal lang. Sabi ni Jake na gusto mo raw sa beach.”

“Oo, pero kung ikaw lang naman ang kasama ko, salamat na lang.”

“Hindi ka sasama kahit sabihin kong lilipad na ako ng France Monday next week?” nanunubok nitong tanong.

Natigilan si Mina at napatitig sa mukha nito. Aalis na si Van! Hindi niya alam kung bakit parang gusto niyang malungkot sa balita. Kung tutuusin nga dapat ay matuwa pa siya dahil wala nang mang-aasar sa kanya. Pero bakit sa halip na saya ay bigat ang nasa dibdib niya?

“A-aalis ka na, Van?” tanong niya at dahan-dahang bumangon. Pati sa boses niya ay naroon ang lungkot. Marahan itong tumango. “Hindi ka na babalik?”

“My family’s there, Mine. At kailangan ko ring pangatawanan ang larangang pinili ko.” It was followed by a deep sigh. Alam niyang nalulungkot din ito.

Namayani ang mahabang sandali ng katahimikan.

“Alam na ba ni Kuya?”

Tumango ito. “Dapat ay kasama natin siya sa *La Vinta*. Ang kaso, hindi niya maiiwan ang café. Sumama ka na, Mine. Sige ka, mami-miss mo ako.”

“Ipinagpaalam mo na ako sa kanya?”

“Sabi niya, kausapin kita. Kung gusto mo raw...”

Napahugot siya ng buntong-hininga, pagkuwan ay ibinalik sa mukha nito ang tingin. Nanatiling naghihintay ito ng sagot niya. “Sino ang iba pa nating mga kasama?”

“Wala, tayo lang...”

Napamulagat siya. “Tayo lang?”

May sumilay na ngiti sa mga labi nito. “Huwag mong sabihing ngayon ka pa natakot sa akin, Mine? Ang layo ng hitsura ko sa rapist!” Natawa siya.

Ang totoo ay magandang lalaki ito. Loud ang pagiging guwapo nito. Iyong tipo na kung itatabi sa grupo ng kalalakihan ay mangingibabaw pa rin ang kaguwapuhan nito. Shaggy ang buhok nito na mas malambot pa yata kaysa sa kanyang buhok. Maganda ang mga matang abuhin na parang laging inaantok, minana nito sa British na ama, ayon kay Jake. Ang mga pilikmata nito, hahangarin ng kahit sinong babae, it was beautifully curled. Sa tangos ng ilong ay halata ang pagiging banyaga ng bahagi ng dugo nito. At ang mga labi, manipis ang upper lip, full naman ang lower lip, fresh red.

Ang katawan naman, tulad ng kuya niyang parang pang-Mr. Body Beautiful. Kaya hindi na siya

nagtataka kung bakit pumasa ang magkaibigan na maging modelo.

“Friday pa lang naman bukas, di ba? Sige, iisipin ko. Baka kasi may projects kami na kailangang ipasa ng Monday.”

“Okay,” sagot nitong tila nalungkot na hindi siya siguradong makakasama. Ngumiti siya bago muling nahiga at tinalikuran na ito. Ang inaasahan niya, lalabas na ito pero ilang sandali na ang lumipas ay wala pa ring siyang narinig na mga yabag na palabas ng kanyang silid. Nagtatakang bumaling siya ulit kay Van.

“O, bakit hindi ka pa lumalabas?” usisa niya. Ngumiti lamang ito. Sa halip na sumagot, lumapit ito at hinagkan siya sa noo. Saglit siyang napanganga. It was unexpected, at unang pagkakataong ginawa iyon ng binata. Kaya marahil pati ang kabang sumikdo sa dibdib niya ay hindi niya inaasahan.

“Dream of me, Brat!” nakangising sabi nito at napangiwi siya sa sakit nang pisilin nito ang pisngi niya. Ang halimaw talaga bumait man, halimaw pa rin!

Sumama si Jamina kay Van sa islang sinasabi

nito. At nang sumayad ang mga paa niya sa pinong-pino at parang pulbos na puting buhangin, naisip niyang hindi siya nagkamali ng desisyon.

Napatulala siya sa tanawin. Nakalimutan niya ang mahigit sampung oras nilang biyahe sa bus at mga dalawang oras marahil na biyahe rin sa tricycle at bangka.

She was once in Boracay with Jake. Dapat pala rito sa *La Vinta Island* na lamang sila pumunta. Mas tahimik dito, siguro dahil hindi commercialized katulad sa sikat na beach resort. At ang paligid, nakaritmo ang pagsasayawan ng mga berdeng dahon dahil sa preskong hangin.

Ipinikit niya ang mga mata at sumagap ng hangin. Mabango at sariwa ito. Nakagagaan ng pakiramdam....

“Private island ba ito, Van?” aniya na nilingon ito. Nakangiti lamang ang lalaki, tila naaliw na pinagmamasdan ang reaksyon niya sa kapaligiran.

“Yup. It’s owned by my father’s long-time friend.”

“Ah...” saad niyang napatango pa.

“Ang kabilang isla, commercialized. Doon may surfer’s haven. Maraming turista at celebrities. We can

surf or go wake boarding. Iyon ay kung marunong ka.” Ngumisi ito na nagpabusangot sa kanya.

“Extreme sports naman ang mga iyon. Ni hindi nga ako marunong lumangoy, eh!” nakalabing turan niya. “Ano pa ba’ng puwede kong gawin na walang risk sa kagandahan ko?” Tumakbo siya palayo rito matapos tanggalin ang flip-flops na suot. Pinagsawa niya ang mga paa sa buhangin. Dahil hindi pa mataas ang araw, hindi masakit sa balat ang init.

“Mag-ala-sirena d’on!” sagot ni Van at itinuro ang bahagi ng dalampasigan kung saan humahampas ang alon. “Lumangoy sa two feet waters!”

Itinuloy niya ang pagtakbo palayo sa halip na pansinin ito.

“Kailangan muna nating tumuloy sa villa, Mine! Mamaya mo na gawin iyan. Let’s eat first!” pasigaw na habol nito bago tumalikod upang tahakin ang direksyon ng tinutukoy nitong villa. Wala siyang nagawa kundi ang sumunod dito.

Nasa bukana pa lamang ng villa ay napatulala na si Mina. Napakarangya, animo’y bahay na nakikita niya lamang sa mga telenovela na pag-aari ng mga bilyonaryong tauhan. Makapigil-hininga ang kabuuan

niyon. Kung sinuman ang may-ari nito ay sigurado siyang hindi lamang basta mayaman—at kaibigan ito ng ama ni Van!

Napatitig siya sa kasama. Walang nababanggit si Jake na detalye tungkol sa pamilya nito. Ang tanging alam niya, wala sa Pilipinas ang pamilya ni Van at namumuhay itong mag-isa sa bansa.

Mayaman pala ang pamilyang pinagmulan nito.

“Hindi halatang rich kid ka, ha?” baling niya rito habang magkasabay silang naglalakad. Kaswal itong bumaling sa kanya.

“Rich kid? Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Kung kaibigan ng tatay mo ang may-ari ng isla, ano pa ba ang ibig sabihin niyon?”

“Oh,” anito at ngumiti. “Sila mayaman, ako hindi. Hamak na painter lang ako, Mine,” sabay ngiti. Hindi na nito dinugtungan pa ang sinabi.

“Bakit dito mo mas piniling mag-aral, Van? Hindi ka ba nalulungkot na hindi mo kasama ang pamilya mo?”

“Siyempre nalulungkot.” At humugot ito ng buntong-hininga. “Ang totoo, ayaw ni Papa na ituloy ko ang hilig ko sa pagpipinta. Gusto niyang hawakan

ko ang negosyo ng pamilya. Ang problema, hindi ako magaling d'on—hindi tulad ng kapatid kong lagi na lang niyang ikinukumpara sa akin. Ano ba'ng magagawa ko kung mas mahusay talaga sa pagnenegosyo si Kuya Ivan kaysa sa akin—” Nagpreno ito nang makitang nakatitig siya.

Sa tingin niya ay hindi nito balak sabihin iyon kaya lang huli na at hindi na mababawi pa. Ngumiti ito at nahaplos ang batok.

“Yan, makulit ka kasi kaya muntik ko nang maihalahad ang kaluluwa ko,” magaang na dugtong nito. Hinila na siya nito papasok sa bakal na gate—remote-controlled yata dahil nagbukas nang kusa nang lumapit sila.

“Van!” Natigil siya sa pagsipat sa kabuuan ng marangyang bahay nang marinig ang pagtawag na iyon ng isang babae. Nakita niya sa verandah ang may-ari ng boses pagkatapos ay bigla ring nawala.

Mayamaya pa ay sinalubong na nito ang pagpasok nila. Mabilis ang mga hakbang na nilapitan ni Van ang babae habang kusa namang huminto ang mga paa ni Jamina.

Masayang nagyakapan ang dalawa. Nagkumustahan ang mga ito.

“Mabuti naman ang nandito ka. I didn’t expect to see you here,” anang binata.

“You know how much I love staying in this island kaya nga nagpunta ako rito. At hulaan mo kung sino ang kasama ko.” At tila nababagot nitong hinagod ang buhok gamit ang kaliwang kamay. Nakita ni Mina ang naaaliw na pagngiti ni Van.

“Si Zean?”

“Hay, who else?” anang babae na napasimangot.

“Tumuloy na kayo sa loob, Van!” buong tinig ang narinig niya mula sa likuran nila. Lumingon siya. Umawang ang kanyang mga labi nang makita ang malaking bulto ng lalaki na naglalakad palapit sa kanila. Skin head ito at—asul ang mga mata!

“Zean!” galak na sabi ni Van. Mahigpit na nagkamay ang dalawang lalaki. “Nga pala, si Mina, kapatid ng best friend ko. Mine, this is Joey, heiress of this villa. And here, Zean—”

“My blue-eyed bodyguard,” sarkastikong dugtong ni Joey. “Hello, Mina.” Nakangiti ito sa kanya. Si Zean ay tumango lamang at tuloy-tuloy na humakbang papasok sa villa.

“Go to your room, Stubborn Princess!” utos nito

bago pa man nakarating sa pinto.

“Ayoko, Kamahalan!”

Makikinig pa sana siya sa bangayan ng dalawang bagong kakilala, pero hinila na siya ni Van upang pumasok na sila sa loob ng villa.

“Huwag kang tsismosa,” anito sa kanya. “Hayaan mo na ang dalawang iyan, ganyan lang talaga silang mag-usap,” tawa pa nito.

“Grabe, hindi ba natatakot si Joey d’on?” hindi niya napigilang magkomento. “Ang laking tao, wala pang buhok.”

“Pinagkakatiwalaang tao ni Tito Joseph si Zean. Hanggang nasa paligid iyan, Joey’s safe.” Pumitik siya sa hangin. “What?” susog nito na nakakunot ang noo. Ngumiti siya.

“May kutob akong magkakatuluyan ang dalawang iyon!”

2

Pagkatapos kumain ay halos sa dagat na nila ginugol ni Van ang buong maghapon. Tinuruan siya nitong lumangoy.

Namasyal din sila sa dagat sakay ng speedboat nang sumunod na mga sandali. At nang bandang hapon na, jet ski naman ang hinarap ni Mina—na kahit nanginginig ang tuhod niya sa umpisa ay talagang nag-enjoy siya.

Umahon na sila nang unti-unting bumababa ang araw. They watched the sunset together. Tahimik sila pareho habang magkatabing nakaupo sa buhanginan. Dahil basa ang suot niyang oversized shirt na pamatong niya sa two-piece bikini, hindi niya napigilan ang ungol na kumawala sa mga labi niya nang umihip ang hangin.

“Nilalamig ka ba?” baling ng binata sa kanya. Bahagya siyang tumango. Tumayo ito at nagpunta sa cottage nila. Nang bumalik ay may dala itong tuwalya at dalawang tasa ng hot chocolate. Inilapag nito sa buhangin ang munting tray pagkatapos ay ibinalot sa kanyang katawan ang tuwalya.

“Uy, ang bait mo ngayon. Salamat!” nakangiti saad niya. “Mas maganda pala ang sunset rito, ‘no?’”

“Yeah...” Tumabi na ulit ito sa kanya.

Katahimikan na ang sumakop sa kanila hanggang tuluyang lumubog ang araw. Pagsapit ng gabi ay nanatili sila sa loob ng cottage. Ang sabi ni Van, mas masarap daw matulog doon kaysa sa villa kaya nagpahatid na lamang ito ng dinner nila.

“Hatinggabi na pala, Mine,” pansin ni Van at napatingin sa nakabukas pa ring bintana ng cottage. Ilang oras na mula nang kumain sila ng hapunan. “Ang ganda ng sinag ng buwan. Kapag ganito, naglalabasan rito ang multo.”

“Hindi nga?” Napatayo siya at kaswal na kumapit sa braso nito. Tumawa ito. “Biro lang,” bawi nito. “Matulog ka na.” Dumerecho na ito sa pinto.

“Saan ka pupunta?” tangka niyang pagpigil dito.

“Sa duyan sa labas.”

“Sasama ako!” aniya at mabilis na lumapit sa binata.

Natatawang napailing ito. “Natakot na sa multo ang bata,” tukso nito na hindi na lamang niya pinansin. Tinotoo niya ang pagsama rito. Takot talaga

siya sa multo, imaginary or real.

Ibinagsak nito ang sarili sa duyan na nasa balkonahe ng cottage. “Paano iyan, wala kang puwesto. Dito ako matutulog kaya kung sasamahan mo ako, matutulog ka nang nakatayo, Mine!” Napabusangot siya.

“Doon na lang ako.” Nakita niya ang nag-iisang upuan sa sulok. “Sanay akong matulog nang nakaupo.”

Ang lakas ng tawa ni Van. “Talagang mas pipiliin mong pahirapan ang sarili mo kaysa matulog mag-isa, ano, Brat?”

“Tigilan mo ang katatawag sa akin ng ‘Brat’, hindi ako ganoon. Mabait ako!”

“Oh?” anito na tumaas pa ang kilay.

“Tigilan mo ako, Van!” singhal niya at niyakap ang sarili dahil umihip ang malamig na hangin mula sa dagat. “Isusumbong kita kay Kuya na inaapi mo ako!” Tumayo siya at pumasok sa cottage upang kunin ang kumot niya. Nang lumabas siyang muli ay ginulat siya ni Van. Biglang sumungaw sa pinto ang ulo nito na nagpahiyaw sa kanya. Humagalpak ito ng tawa habang hindi siya nakapagsalita at sapo-sapo ang dibdib. Pero nang mapansin nitong natakot talaga

siya ay lumapit ito at natatawang inalo siya.

“You’re trembling,” Napansin nito ang panginingig niya. “Natakot ka talaga? Sorry na...” Hinagod-hagod nito ang buhok at likod niya. Binale-wala nito ang masama niyang tingin.

Nang bumalik na sa normal ang pakiramdam ni Jamina ay binitawan na siya nito. “Pumasok ka na,” masuyong utos nito bago muling nagbalik sa duyan at humiga. Hindi siya kumilos. Napatitig ito sa kanya. “Hindi ako nagbibiro, Mine, dito ako matutulog kaya pumasok ka na.”

“Ayoko.” Hindi niya masabi na takot talaga siyang matulog mag-isa sa cottage. Kapag nasa ibang bahay siya, hindi siya panatag matulog nang walang kasama. Kahit sa hotel noon sa Boracay ay nasa iisang kama sila ng kuya niya.

“Kung okay lang sa iyo na tabi tayo, maluwang naman ang duyan,” kaswal na turan nito.

“Okay lang,” hindi na nag-isip na tugon niya. Mas gusto niyang matulog sa tabi nito kaysa mag-isa. Alam niyang wala siyang aalalahanin kay Van dahil kaibigan ito ng kuya niya—at may tiwala siya rito dahil sa kabila ng mga pang-aasar nito, hindi siya nakakaramdam ng panganib tuwing silang dalawa

lamang ang magkasama. In fact, panatag pa nga ang pakiramdam niya.

Humakbang siya palapit sa binata. Tumayo naman ito at pumasok sa cottage. Nang bumalik ay may dala na itong kumot at unan. Humiga na ito. Ang unan ay inilaan para sa kanya. Walang pag-aatubiling nahiga siya sa tabi nito. Dahil nakabalot ang katawan niya ng makapal na kumot, bale-wala na ang ihip ng hangin.

“Tulog na, Brat,” turan nito at inayos ang ulo niya sa unan. Pagkatapos ay pinisil nito ang tungki ng ilong niya. May ngiting sumilay sa mga labi ni Jamina nang ipikit niya ang mga mata.

Nagpunta sila sa kabilang isla kinabukasan. Nag-surfing si Van. Nakanganga ang dalaga habang manghang nakatingin sa ginagawa nito. Hindi niya akalaing magaling pala sa sport na iyon ang loko! Para siyang nanonood ng isang pro surfer.

Naglibot sila sa isla. May ilang artista siyang nakita na animo ay mga ordinaryong tao na lamang— hindi na pinapansin ng mga tao sa paligid. Sanay na sanay na marahil.

May ilang babaeng modelo rin siyang napansin

na ngumiti nang matamis kay Van. Mayroon pa nga na humalik sa pisngi nito. Mukhang mga kakilala.

Nang magutom ay kumain sila sa isang restaurant di-kalayuan sa dalampasigan. Sea foods ang specialty. Nag-enjoy siya maging sa pagkain. Matapos makapagpahinga nang ilang sandali ay bangka naman ang nirentahan ni Van. Namasyal sila sa laot.

“Nag-enjoy ka ba?” tanong nito nang papalapit na sila sa malalim na bahagi ng dagat. “Mamayang hapon, babalik na tayo ng San Rafael.”

Ngumiti siya. “Nag-enjoy ako, sobra...”

“Good,” nakangiting tugon nito. “Mami-miss mo ba ako pagkatapos nito?”

“Medyo lang,” nakatawang sagot niya. Tumawa rin ito.

“Dito ka nga sa tabi ko,” anito bago ibinalik ang tingin sa dagat. Nasa magkabilang dulo kasi sila ng bangka. Si Van ang nasa likuran ng bangkero. Inabot pa nito ang kamay niya para alalayan siya. Tahimik siyang naupo sa tabi nito.

Mahigpit ang ginawa nitong pag-akbay sa kanya. “Ang totoo, mami-miss kita—kayo ni Jake. Mawawalan ng spice ang buhay ko kapag nasa France

na ako.” Bumaling siya rito. Sinalubong naman nito ang mga mata niya.

“Tatawag ka lagi, Van...” mahina niyang usal. Gustong magbara ng lalamunan niya. Ngayon ay talagang nararamdaman na niya ang nakatakda nitong pag-alis. Sigurado siyang mami-miss niya ito.

“O, iiyak ka niyan,” tukso nito nang ilayo niya ang tingin. “Huwag kang umiyak...” Nang masuyo nitong hagurin ang buhok niya ay napaiyak na nga siya. Magaan itong tumawa at kinabig siya. Inihilig nito ang ulo niya sa dibdib nito.

“Kapag nami-miss mo ako, isipin mo lang itong isla at ang mga ginawa natin, okay? Sigurado, hindi ka na malulungkot.” Hindi siya kumibo. Nagpatuloy lamang siya sa mahinang paghikbi. “At siyempre, isipin mo kung gaano ka kasuwerte na maraming taon mong nakasama ang isang guwapong tulad ko!” Natawang hinampas niya ito.

“Ang yabang mo talaga!”

“Hindi ako nagyayabang. Nagsasabi ako ng totoo,” maangas na turan nito.

“Amen.” Umungol lamang ito at hinigpitan ang yapos sa kanya.

“Paano, ‘Tol, hindi na talaga mapipigilan ito. Goodbye na talaga!” nakatawang saad ni Van sa kaibigan. Noon ay nasa parking lot sila ng café at dumaan ito upang magpaalam. Ihahatid sana ito ni Jake sa airport pero tumanggi ito. Mas mararamdaman lamang daw nito ang lungkot ng paghihiwalay kapag naghatid pa sila. Kaya nagpunta na lamang ito sa café nang hapong iyon.

“Ano pa nga ba, ‘Tol,” malungkot na tugon ni Jake. Nagyakap nang mahigpit ang dalawang lalaki. Nang maghiwalay ang mga ito ay bumaling sa kanya si Van. “Iyong mga pictures natin sa isla, ipapadala ko na lang through e-mail.” Tumango siya. “Bantayan ninyo ang isa’t isa. Ang mga suitors ng bratinella ay kailangang makilatis ko pa rin!” ngisi pa nito na tinawanan lamang ng kapatid niya.

“Ingat ka d’on, Pare,” ani Jake na kababakasan din ng lungkot ang ngiti. Tumango lamang ito at humakbang na.

“Van!” Ilang hakbang na ang layo nito nang tawagin ni Jamina. Hindi niya maintindihan kung bakit sa bawat hakbang nito palayo ay tila pabigat nang pabigat ang dibdib niya. At isang bagay lamang ang gusto niyang gawin ng mga sandaling iyon.

Heaven Sent - Aira Felicity

Huminto ito at lumingon. Patakbo niyang tinawid ang distansya nila at mahigpit na yumapos dito. Gumanti ito ng mahigpit na yakap. “Ingatan mo lagi ang iyong sarili, Mine,” bulong nito sa tainga niya. Mariin siyang hinagkan nito sa buhok bago siya mabilis na pinawalan. Nag-iwan ito ng kaway sa kuya niya bago tumalikod at patakpong lumayo. Hindi na ito lumingon pa sa kanila.

3

Current year, *San Rafael Medical Center*....

Napapitlag si Mina nang maramdaman niyang may kamay na nagkulong sa kanang kamay niya. Naputol ang pagdaloy ng mga alaala.

Wala pa rin sa sariling bumaling siya sa taong naupo sa tabi niya. Nag-aalala ang mga mata ni Van nang titigan siya.

“You don’t look okay, Mine,” sabi nito sa mababang tinig. Umangat ang isang kamay nito at tinuyo ang natitira niyang luha sa magkabilang pisngi. Muling namasa ang mga mata niya. “Kapag umiyak ka na naman, sasakalin na kita.”

“Van...”

Mula nang dumating ang binata noong nakaraang araw ay lagi itong lumalabas ng silid upang kausapin ang mga doctors ni Jake. Madalas siya nitong sinasamahan sa pagbabantay sa kanyang kapatid.

Kinabukasan nang magising siya ay kasamang pumasok ni Van ang isang lalaking nurse. Ikinuha raw nito ng private nurse ang kapatid niya para hindi

siya gaanong mahirapan lalo at final exams na. Ilang linggo na lamang ay graduation na niya at kasabay niyon, nalalapit na rin ang licensure examination. Subalit wala sa mga iyon ang isip niya.

“Magpapa-deliver sana ako ng pagkain kaya lang nagbago ang isip ko,” anito. “Sa tingin ko, ikinulong mo na rito ang sarili mo, Mine. Baka sa mga susunod na araw ay dalawa na kayo ni Jake na pasyente rito.”

Hindi siya umimik. Tama ito. Halos hindi niya iniwan ang kapatid. Ilang araw na rin na hindi niya napasukan ang ilang major subjects niya. At halos walang laman ang tiyan niya kundi tubig at crackers lamang—na tanging tinatanggap ng sikmura niya sa nakalipas na mga araw.

“Nakita ko sa parking lot ang kotse ni Jake. Ikaw ang nag-drive? ” Marahan siyang tumango. Tumayo ito at hinila siya sa kamay. “Give me the key.” Nang nasa pinto na ay nilingon nito ang nurse. “Ikaw na’ng bahala sa kanya.” At mahigpit nitong hinawakan ang kamay niya bago siya iginiya palabas ng silid.

“Saan tayo pupunta, Van?” Nasa hallway na sila ng ospital nang magawa niyang magtanong.

“Kung kinakailangang saktan kita para lang kumain ka, gagawin ko,” mariing turan nito. “Sa

café tayo kakain. Gusto ko ring makausap ang mga tao ni Jake.” Mabilis nitong binuksan ang pinto ng passenger seat para sa kanya. “Jake’s facing his own battle, Mine. Sa kabila ng mga pinsala, hindi sumusuko ang puso niya. Pero ikaw? God, sa nakikita ko ay gusto mo nang patayin ang sarili mo!” Isinara nito ang pinto at lumigid sa driver side. Mabilis itong naupo at binuhay ang makina ng sasakyan. “You have to face life, Mine—without Jake, temporarily...”

“N-napakadaling sabihin... dahil... dahil hindi ikaw ang nasa lugar ko, Van. All my life, sinanay ako ni Kuya na siya ang gumagawa ng lahat. I depended on him—in everything! “Tapos ngayon... ‘tapos ngayon...” her voice trailed off. Naglaglagan na naman ang luha niya. “P-paano kung hindi na siya magkamalay? P-paano kung—”

“Cut those negatives, Mine, for God’s sake!” he snapped. Pinatay nitong muli ang makina ng kotse. Nakita niyang naggalawan ang mga ugat nito sa mukha. Nanatili itong hindi kumukurap habang tila tuod na nakatitig lamang sa harapan, sapo nang mahigpit ang manibela.

“Ano eksakto ang kailangan mo para bumalik ka sa dati mong sarili, Mine?” Tila ibang tao na ito nang magsalitan muli sa napakababang timbre ng boses.

Tila hinugot nito sa pinakamalalalim na bahagi ng pagkatao ang itinanong na iyon. Napahikbi siya.

Maybe someone from heaven, Van... someone who will help me cope, who will take away all the worries, all the fears...

“Sabihin mo,” mas mariing turan nito. “I can be the one you needed—basta ipangako mo lang na magiging matapang ka at haharapin mo ang lahat ng ito.” Sa narinig ay napabaling siya rito. Noon din ito bumaling sa kanya.

He gently smiled. Sa ngiting iyon ay natiyak niyang hindi ito aalis sa kanyang tabi hangga’t hindi niya nalalampasan ang pagsubok na ito. May nakapa siyang munting lakas sa dibdib. Hindi pala siya nag-iisa.

“H-how long will you stay here... with me?”

“Hanggang kailangan,” sagot nito. “Mananatili akong narito, Mine...” Sumilay ang ngiti sa mga labi niya habang pinangingiliran ng luha. May kung ilang segundo na tinitigan lamang niya ang mukha nitong dalawang taon din niyang hindi nasilayan.

“N-narito ka na nga ba ulit, Van?” Napabuntong-hiningang inabot siya nito at ikinulong sa mga bisig.

“Yeah, I’m really back, Brat. Now, promise me, you’ll cope. Kaya mo, hindi ba? Matapang ka.” Nang hindi siya sumagot ay pinawalan siya nito. Hinanap nito ang mga mata niya at tinitigan siya habang tinutuyo ang luha niya. “Promise me,” Hindi niya alam kung ano ang nasa mga mata nito para magawa niyang tumango.

“Good.” Nasisiyahang binitawan siya nito. Masuyo siya nitong itinulak pabalik sa upuan at kinabitan siya ng seat belt. “I have missed you,” ngiti nito bago pinisil ang pisngi niya tulad ng madalas gawin nito noon. “Itataob natin lahat ng putahe sa café!” masigla na nitong turan bago binuhay muli ang makina ng sasakyan.

Natagpuan ni Jamina ang sariling ngumingiti nang may buhay—bagay na nakalimutan na niyang gawin mula nang maaksidente si Jake.

“Sir Van, welcome back!” halos sabay-sabay na salubong ng mga empleyado sa *J & J Bakery and Café* na nakakakilala kay Van.

“Kumusta na ang lahat?” nakangiting tugon ng binata. Nang pumasok sila sa bakery area ay nagkagulo ang nasa loob. Lahat kasi halos ng mga

tauhan ni Jake sa bakery ay narito na noon pang kasama pa ito ng kuya niya.

Tawanan, kumustahan at kuwentuhan ang namagitan. “Mukhang hindi na kayo war ni Ma’am Mina, Sir!” nagbibirong saad ng cake decorator nilang si Gary.

Tumawa ang panadero nila na nagmamasa ng harina nang mga sandaling iyon. “War pa rin iyan, wala lang energy ngayon si Ma’am!”

“Tama si Anton, Sir!” dugtong naman ng delivery driver nilang si Banjo habang pinagpapatong-patong ang mga trays. “Mabuti na lamang dumating kayo, kung hindi ay baka kung mapa’no na si Ma’am Mina. Lagi ho siyang tulala nitong mga nakalipas na araw.”

“Mga sipsip!” birong akusa ng dalaga na hindi napigilan ang pagngiti. Nabuhay sa kanyang isip ang mga eksenang madalas mangyari noon sa pagitan nila ni Van. She had missed those.

Tumawa lamang ang matalik na kaibigan ni Jake. “She’ll be okay now,” tila nakakatiyak na hayag nito. “Kumusta ang café?” seryoso nang tanong nito mayamaya. “Wala bang naging problema mula nang—” Nagpreno ito at may pag-aalalang nilingon siya. “Mula nang naging absent ang boss ninyo?”

“Wala naman, Sir,” sagot ni Gary. “Ang assistant ni Sir Jake ang pansamantalang nagpapatakbo ng café sa ngayon.”

Napatingin ito sa kanya. Nahulaan na niyang itatanong nito kung sino ang assistant na iyon dahil noong umalis ito ay hands-on sa café ang kuya niya.

“Si Lucy, Van. Mag-aanim na buwan pa lang mula nang tanggapin siya ni Kuya,” paliwanag niya.

“Ah, okay. Nasaan siya?”

“May supplier na pinuntahan, Sir,” si Gary ulit. Tumango-tango lamang si Van. “Ikaw ang head sa bakeshop, Gary, tama?” Tumango ang tinanong. “Pagkatapos naming kumain, gusto kitang makausap. Isama mo ang heads ng service crew, ng kitchen at ng purchasing, sa office ni Jake.” Iyon lang at hinawakan na nito ang kamay niya. Iginiya siya nito pabalik sa counter kung saan nag-order na ito ng pagkain.

Nakadama ng kasiyahan si Mina nang makitang mga paborito niyang pagkain ang nasa tray nang balikan siya ng binata sa mesa. Naaalala pa pala nito ang mga iyon! Napasunod na lamang siya ng tingin nang muli itong bumalik sa counter. Dalawang taon pero tila walang nagbago sa hitsura ni Van liban sa mga stubbles nito sa mukha na lalo lamang dumagdag

sa malakas nitong dating bilang lalaki. And he seemed more confident and... powerful. Mahaba pa rin ang buhok nito na nakatali ngayon.

At mukhang nakalimutan na nito ang nakasanayang gawin noon—ang asarin siya. O baka dahil nakita nitong down na down siya kaya bumait. Kumusta na kaya ito sa nakalipas na mga taon? Tuwing tinatanong niya kasi si Jake, laging ‘*maayos si Van*’ ang tugon nito. Si Van naman ay sa mga espesyal na okasyon lamang tumatawag sa kanya. Madalas ay siya ang kinumusta nito—limitado ang mga kuwento nito tungkol sa sarili.

Liban sa may sarili na itong studio at ilang pagkakataon na ring nagkaroon ng painting exhibit, wala na siyang alam sa iba pang detalye sa buhay nito. Pero kanina, nang makita niya kung paano nito kausapin si Gary—na hindi maikakaila ang awtoridad, natitiyak niyang iba na ang Van na nagbabalik ngayon sa free spirit na Van na nakasama nila noon.

“Nakatitig ka ba sa akin kanina o tagos sa kawalan ang titig mo?” Napapitlag pa siya sa tinig ng binata. Nakalapit na pala ito nang hindi niya namamalayan. Napailing ito nang ilapag sa mesa ang mango juice niya at ang fresh pineapple juice nito. Hindi siya sumagot, bahagyang ipinilig lamang ang

ulo at nag-angat ng tingin sa mukha nito.

Napabuntong-hininga ito. “Ngumiti ka nga,” anito nang makaupo na. “Sige na, just one. Ibibili kita ng yogurt!” Sa pagbanggit nito sa yogurt—na madalas pasalubong sa kanya nito at ni Jake, na siyang gamit din ng dalawa bilang peace offering sa mga pamimikon ng mga ito sa kanya noon ay hindi niya napigilan ang pagngiti. Lumapad ang ngiti nito nang titigan siya. “Ganyan nga, Mine...”

“Ang totoo, na-miss ko ang yogurt... na-miss kita...” Masigla itong tumawa.

“I’m glad you did, Brat.” Mariiin nitong pinisil ang kanang pisngi niya.

“Kaya lang hate ko pa rin ang pagiging halimaw mo!” naidagdag niya habang nakangiwing sapo ang nasaktang pisngi. Humalakhak ito pagkatapos ay tinitigan siya.

“Mas gusto kong ganyan ka,” anito. “Hindi mo ba nabalitaan noon na may multo raw na nagpapakita sa *San Rafael Med*?”

“Sorry ka, hindi na po ako takot sa multo ngayon.”

“Talaga?” paniniyak nitong nangingislap ang mga mata. “Ang naalala ko noon, nagsusumiksik ka

pa nga sa akin.”

“Noon iyon!”

“So, puwede na tayong manood ng horror movie? Treat ko, Mine.”

“Hah! Sa panaginip mo!” Ang lakas ng tawa nito. Nang tumigil sa pagtawa ay nagtama ang mga mata nila. Pareho silang natahimik, mayamaya ay nagkangitian.

“Let’s eat,” sabi ni Van “Para mas may energy tayo mamaya.” Muli siyang natawa. Si Van lang pala ang kailangan niya para kahit paano ay gumaan ang kanyang pakiramdam.

Paglabas niya ng college building ay kaagad na natanaw ni Mina sa di-kalayuan sa exit gate ang kotse ng Kuya Jake niya. Napangiti siya. Sinusundo siya ni Van. Kaagad bumaba ang tinted na salamin at nakita niya ang pagkaway nito.

“How was school?” tanong nito habang ipinagbubukas siya ng pinto.

“Final exams na next week.” Gusto niyang mapangiwi. Ibig sabihin niyon, kailangan niyang magsunog ng kilay sa pagre-review at idagdag pa

ang mga final requirements na kailangan niyang kompletuhin habang nagpa-practice siyang magturo.

Kung hindi niya lamang passion ang teaching, siguro ay hindi niya gugustuhing gawin lahat ng ito. Business course sana ang gusto ni Jake noong una na kunin niya. Subalit nasa pagtuturo talaga sa mga bata ang puso niya. Nakakaramdam siya ng kakaibang fulfillment kapag ginagawa niya iyon. Kaya naman pinagbigyan na lamang siya ng kapatid.

“Ibig sabihin, magdamagan na ang review?”
Binuhay na nito ang makina ng sasakyan.

“Kung idadagdag ko pa ang nalalapit na licensure exam, baka kulang ang magdamag,” aniya kasunod ang mabigat na paghinga. “Kung hindi lang naaksidente si Kuya, matagal ko na sanang napaghandaan ang lahat.” Ibinaling niya sa labas ng bintana ang tingin. “Mahirap kasing mag-focus kapag nag-aalala, eh.”

“Jake will soon wake up, Mine. Kailangan mong tatagan ang loob mo. Hindi niya gugustuhing makitang naapektuhan ang pag-aaral mo dahil sa aksidente niya.”

Napabuntong-hininga na naman siya. Tama ito. Malamang ay sisihin pa ni Jake ang sarili lalo kapag

hindi siya pumasa sa licensure exam for teachers.

Katahimikan.

“Nakausap ko na nga pala si Lucy pati sina Gary. Ayon sa nakita kong reports, wala namang problema sa café. Hindi nalalayo ang mga weekly sales noon at ang mga linggong wala si ‘Tol.’ Napabaling siya rito.

“Galing ka sa café?”

“Naroon ako hanggang nagsara.”

“Kaya pala walang nagpunta rito para ibigay sa akin ang susi.”

“Mag-dinner muna tayo, Mine,” pag-iiba nito ng usapan mayamaya. “Hindi pa ako kumakain.”

“Sa fastfood na lang malapit sa ospital, Van,” suhestyon niya.

“No,” tanggi nito sa mababang boses. “Kakain tayo sa malayo—kung saan hindi mo matatanaw kahit bubong ng ospital dahil malulungkot ka na naman.” Binilisan nito ang takbo ng sasakyan. “Ito ang gusto ko sa San Rafael, walang traffic.”

Sumandal ang dalaga sa kinauupuan at nagpasyang hayaan si Van sa nais nito. Tama naman ito. Bubong pa lamang ng ospital ang natatanaw niya

ay nalulungkot na siya. At nag-aalala para sa kapatid na hindi niya alam kung kailan gigising.

“May alam akong paraan para makalimutan mo ‘yang mabigat mong dalahin sa dibdib, Mine,” sabi nito habang ipina-park sa isang restaurant ang kotse.

“Ano?” Nagtataka siya kung bakit may kislap ng mischief ang mga mata nito.

“Oh, you’ll know later.” Mabilis itong bumaba ng kotse at lumigid sa pinto niya at ipinagbukas siya.

Ganoon na lamang ang pagtutol niya nang pagkatapos nilang kumain ay dinala siya nito sa cinema ng mall. Last full show pala ang tinutukoy nito. At horror movie ang gusto nitong panoorin nila!

“No!” Halos kumapit na siya sa dingding nang tumatawang lumapit ito matapos makapagbayad. “You have to kill me first, Van!” determinado niyang saad, nakahawak sa dingding ang dalawang kamay niya na tila magagawa siyang protektahan ng walang kamalay-malay na semento.

Ang lakas ng halakhak nito. “You know I won’t,” ngisi nito at mapuwersang hinila ang braso niya. Mahigpit siyang inakbayan ng lalaki pagkatapos at kahit anong protesta ang gawin niya ay kulang. Tumigil na lamang siya sa pagpiglas nang mapansing

pinagtitinginan na sila ng mga kasabayang papasok sa sinehan,

“It’s okay to shout, Mine,” tuksong bulong pa nito sa tainga niya nang nakaupo na sila sa loob ng theater. Hindi niya alam kung dahil ba sa air-con o sa mainit na hininga nito sa tainga niya kaya nag-react ang balahibo niya sa batok. Akmang sasagot siya nang maghiyawan ang mga manonood. Napayakap siya rito, sabay subsob ng mukha sa dibdib nito para hindi niya makita ang ipinapalabas sa screen. Naramdaman niya sa dibdib nito ang pagtawa bago pa man iyon lumabas sa labi nito. Hinampas niya ito sa dibdib. Suminghap lamang ito at muling tumawa.

“Sayang ang binayad ko, Brat, kaya manood ka!”

Nang tumahimik ang paligid ay unti-unti niyang ibinaling sa screen ang mga mata upang mapasigaw lamang sa gulat nang tumambad doon ang nakakatakot na mukha! Sigawan na naman ang mga kasabayan nila.

“I hate you! I hate you!” nanggigigil niyang bulong, paulit-ulit itong hinahampas habang nakasubsob siya sa dibdib nito. Tumatawa lamang si Van. Mayamaya ay naramdaman niyang humigpit ang braso nitong nasa baywang niya.

Heaven Sent - Aira Felicity

“Kahit lumabas sa screen ang killer ghost na iyan, hindi ka maaano,” bulong muli nito. “I’m holding you, okay? Focus, they said the story’s exceptional, go watch. You’re safe, Mine, as long as you’re with me....”